DBP OFW HEDGING PROGRAM

Ang DBP OFW Hedging Program ay inilunsad bilang proteksiyon ng mga Overseas Filipino Worker (OFW) laban sa patuloy na paglakas ng Piso kontra dolyar. Ang bagong programang ito ay isinusulong ng DBP sa pakikipagtulungan sa Department of Labor & Employment (DOLE).

Sa pamamagitan ng DBP OFW Hedging Program, ang isang OFW ay maaaring pumili ng angkop na proteksiyon para sa kaniyang remittances sa pamamagitan ng dalawang produkto:

1. FX INSURANCE
2. OUTRIGHT FX FORWARD

SINO ANG MAARING MAG-AVAIL?

- OFW individuals
- Manning companies ng mga OFWs
- Principal companies ng mga OFWs

FX Insurance

Higit na pakinabang sa pagbaba ng halaga ng Piso, at pagkakataong maipalit ang dollar remittances sa mas mataas na exchange rate sa pagtaas naman ng Piso.

Benefit

- Ang OFW ang pipili ng protection rate na gagamitin sa maturity date.
- Pwedeng ipalit ng OFW ang dolyar niya sa mas mataas na exchange rate kung sakaling tumaas ang palitan nito.

Terms and Conditions

- Magbabayad ng Insurance Fee ang OFW. Ang insurance fee ay ayon sa protection rate at term ng contract
- Maximum term of twelve (12) months

Ex. Ang napiling Protection Rate ay P41.00

Kung ang exchange rate sa maturity date ay tumaas sa P42.00 → Ipapalit ng OFW ang kanyang dolyar sa P42.00 sa DBP

Kung ang exchange rate sa maturity date ay bumaba sa P40.00 → Ipapalit ng OFW ang kanyang dolyar sa protection rate na P41.00 sa DBP

Outright Forwards

Kontrata kung saan ipapalit ng OFW ang kanyang dolyar sa pinagkasunduang rate kahit bumaba o tumaas ang Piso pagsapit ng maturity date.

Benefit

- Walang fee
- Protektado na ang OFW sa forward rate kung sakaling bumaba man ang dollar-peso exchange rate

Terms and Condition

- Ang forward rate ay base sa kasalukuyang exchange rate at Interest Rate ng dolyar at Piso
- Ang OFW ay kinakailangang mag-deposito sa DBP EC Card sa halagang katumbas ng 10% ng contract amount. Ang amount na ito ay pwedeng ibawas sa ipapalit na dolyar upon maturity
- Maximum term of twelve (12) months

Ex. Ang forward rate ay P41.20

Kung ang exchange rate sa maturity date ay tumaas sa P43.00 → Ipapalit ng OFW ang kanyang dolyar sa P41.20 sa DBP

Kung ang exchange rate sa maturity date ay bumaba sa P40.00 → Ipapalit ng OFW ang kanyang dolyar sa P41.20 sa DBP

MGA KAILANGANG DOKUMENTO

1. Para sa mga Manning/ Parent Companies ng OFW:
   - Board resolution / Secretary's Certificate
2. Para sa mga Individual OFWs:
   - Overseas ID or passport at Employment Contract
3. Mga dokumentong kinakailangan sa pagkuha ng DBP EC Remit Card

PAANO MAG-AVAIL NG OFW HEDGING PROGRAM

1. Dalhin ang mga kailangang dokumento at pumunta sa pinakamalapit na DBP Remittance Center/ Office
2. Makipagusap sa DBP Remittance Center or partners abroad at kumuha ng DBP EC Card
3. Pirmahan ang mga sumusunod na dokumento:
   a. FX Insurance Confirmation & Risk Disclosure Statement
      OR
      Forward FX Rate Protection Contract & Risk Disclosure Statement
   b. Holdout Agreement

MGA KARANIWANG TANONG

1. Kung ako ay asawa ng isang OFW, pwede ba akong mag-avail ng OFW Hedging Program?
   S: Pwede, basta may Special Power of Attorney at Employment Contract ka galing sa asawang OFW.

2. Pwede ba akong mag-avail ng OFW Hedging Program kung ang halagang ikokontrata sa DBP ay nasa Hong Kong Dollars?
   S: Pwede. I-cocompute muna ng DBP ang katumbas nitong halaga sa US Dollars. Kailangang ang halagang nasa kontrata ay ang katumbas nito sa US Dollars. Gayundin sa maturity date, ang maipapalit lamang ng DBP sa Forward/Protection Rate ay ang katumbas lamang na US Dollars ng halagang nakasulat sa kontrata.

3. Paano ang computation ng bayad na Insurance Fee?
   S: Insurance Fee = Insurance Fee Rate x amount
   Ang insurance fee na ibinibigay ng DBP ay base sa market rates, volatility ng dolyar laban sa piso, at sa napiling protection rate. Kung gusto ng OFW ng mas mataas na protection rate, mas malaki rin ang babayaran niyang insurance fee.

   Example:
   Insurance fee rate: 1.42%
   USD/PHP Exchange rate: P40.60
   Protection Rate: P41.00
   Amount: $10,000
   Term: 1 month
   Insurance Fee = 1.42% x $10,000
   = $142

Contact Persons

DBP REMITTANCE CENTER
2nd Floor, DBP Head Office
Tel. No.: 818-9511

Romeo D. Cargo
Area Head, Middle East Operations
(0097150) 453-6487
romeodcargo@yahoo.com
dbpme@emirates.net.ae

Ms. Jessie L. Santos
local 2224
jlsantos@devbankphil.com.ph

Joselito V. Peñaflor
local 2224
jvpenaflor@devbankphil.com.ph
TeleFax No.: 893-8885

DBP TREASURY DEPARTMENT
8th Floor, DBP Head Office

Rose Adela T. Quitoriano
Tel. Nos.: 892-1232/ 818-8511
ratquitoriano@devbankphil.com.ph
local 3821 to 25

Christian Joseph D. Presa
Tel. Nos.: 892-1232 / 818-9511
cjdpresa@devbankphil.com.ph
local 3821 to 25

Allen Robert M. Adecer
Tel. Nos.: 892-1232 / 818-9511
armadecer@devbankphil.com.ph
local 3821 to 25

DBP
Development Bank of the Philippines

Head Office: Sen. Gil J. Puyat Avenue corner Makati Avenue, Makati City, Philippines
P. O. Box. 1996, Makati Central Post Office, 1200 Makati City
Tel. Nos. 818-9511 to 20 / 818-9611 to 20
E-mail: remittance-center incoming@devbankphil.com.ph

DBP OFW HEDGING PROGRAM

Padala mo ay protektado
Sa paglakas ng Piso!